Fixed amount tax reduction supplemental benefit (adjustment benefit)
Paraan ng Pag-apply

Kailangan na mag-apply upang matanggap ang adjustment benefit.
Matapos na basahin ang nilalaman ng ipinadala naming Kumpirmasyon sa Pagbabayad, mangyaring mag-apply gamit ang mga sumusunod na paraan.

■ Paraan ng Pag-apply

Kung ipapadala pabalik ang Kumpirmasyon sa Pagbabayad

Ilagay sa loob ng kalakip na return envelope ang mga sumusunod na dokumento.
[Mga dokumento na kailangang isumite]
① Kumpirmasyon sa Pagbabayad ng Fixed amount tax reduction supplemental benefit (adjustment benefit) (Sinulatan ng mga impormasyong kinakailangan)
② Duplikado ng mga dokumentong pagkakakilanlan ng aplikante (Kopya)
(Hal.) My Number Card, Lisensya sa Pagmamaneho, Pasaporte, Health Insurance Card, Residence Card atbp.
* Kung ang kasalukuyang tirahan ay nakalagay sa likod ng lisensya sa pagmamaneho o iba pang dokumento, kailangan din ang kopya nito.
[Kung walang nakasulat na account number kung saan ipapadala ang bayad o kaya naman ay nais na ibang account ang gamitin bukod sa nakasulat na account sa Kumpirmasyon sa Pagbabayad]
③ Duplikado ng dokumento na makukumpirma ang account number (Kopya)
(Hal.) Pahina kung saan nakalagay ang “Pangalan ng Institusyong Pinansyal” “Branch Name” “Account Number” “Account Name (Kana)”sa Passbook (Kung Internet Banking o Application ang gamit, maaaring gamitin ang Screenshot ng Pahina na nakasulat ang mga impormasyon) at iba pa
[Kung Representative ang mag-a-apply]
④ Duplikado ng dokumento na pagkakakilanlan ng representative (Kopya)
⑤ Duplikado ng dokumento na pagkakakilanlan ng karapatan ng representative * Kung ang representative ay hindi kasama sa bahay ng recipient at iba pa
⑥ Pahayag ng dahilan (sariling format) * Kung ang tatanggap ng benepisyo ay hindi mismo ang recipient

Kung mag-a-apply online

I-scan ang 2D code na nasa Kumpirmasyon sa Pagbabayad at ilagay ang mga kailangang impormasyon.
* Ihanda ang larawan ng mga dokumento na magpapatunay sa pagkakakilanlan ng aplikante/account kung saan tatanggapin ang bayad
* Kung mag-a-apply online, hindi kailangang ipadala pabalik ang Kumpirmasyon sa Pagbabayad
* Hindi maaaring ang representative ang mag-apply online.

■ Halaga ng Matatanggap

Tingnan ang field ng “Halaga ng Matatanggap” na makikita sa Kumpirmasyon sa Pagbabayad
* Kung kulang ang halaga ng benepisyo dahil sa pagpapalit ng halaga ng resident tax na dulot ng amended tax return at iba pa, o kaya naman ay determinado ang halaga ng income tax para sa taong 2024, ang mga karagdagang benepisyo ay nakaplanong ibigay mula 2025 pataas.

■ Petsa ng Pagbabayad

Humigit-kumulang 1 buwan matapos na matanggap ng Inuyama City ang Kumpirmasyon sa Pagbabayad (O kaya naman ay kung kailan natanggap ang aplikasyon online)

■ Hangganan ng pagsusumite

Oktubre 31, 2024 (Huwebes)
(Kung ipapadala pabalik, ang postmark ay dapat na valid sa mismong araw/kung online, mag-apply hanggang sa petsang ito.)

■ Kung may mga katanungan　Inuyama City Adjustment Benefit Call Center 0568-63-5056
(Maliban sa Sabado, Linggo, at Pista Opisyal 8:30 N.U. hanggang 5:00 N.H.)